**11th DLSU Arts Congress**

**De La Salle University, Manila, Philippines**

**February 6 and 7, 2018**

**BigkiSining: Creativities and innovations for global environmental sustainability**

# *Talaban ng Karanasan at Pagkatha sa Kontemporanyong Kasaysayan: Pagsibol ng mga Akdang Pambata hinggil sa Kaalaman at Kamalayang Pandisaster sa Pananalasa ng mga Bagyo (2010-2016)*

Emmanuel Jayson V. Bolata

BA History, University of the Philippines Diliman

emmanueljaysonbolata@gmail.com

**Abstrak:**

Kapansin-pansin ang pagkakaroon ng pagsasalimbayan at paralelismo ng pagsibol at pagdami ng mga Pilipinong akdang pambata na tumatalakay sa mga kuwento at impormasyon hinggil sa karanasan, kamalayan, at kahandaang pandisaster sa pananalasa ng mga bagyo, at ang mga namamayaning isyu at usapin hinggil sa disaster, risk, hazard, at maging vulnerabilidad nang manalanta ang mga bagyo sa panahon ng administrasyon ni Pang. Benigno Simeon Aquino III (PNoy) nitong 2010-2016. Sumibol ang produksyon ng mga akdang pambata sa anyong picturebook at aklat impormasyonal (nonfiction) na nagtatampok ng mga salaysay at kaalaman/ impormasyon na nagbabatay sa mga pananaliksik, karanasan, at gunita. Bilang pag-uugnay ng mga larangan ng panitikang pambata at kasaysayang pangkapaligiran (partikular ang araling pandisaster), tatangkain ng papel na ito na suriin ang mga nakasulat at nakaguhit na naratibo ng mga piling picturebook na nagbabatay sa mga kaisipan ng risk, hazard, disaster, vulnerabilidad, at resilience, upang magamit na kasangkapan ng pagkatuto tungo sa kaalaman at kamalayang pangkapaligiran at pandisaster. Magmumungkahi rin ito ng mga ideya at tema na nakabatay sa mga konsepto ng araling pandisaster upang magdulot ng panibagong hanging malalanghap sa larangan ng panitikang pambata.

Mga susing-salita: panitikang pambata; kasaysayang pangkapaligiran; araling pandisaster; vulnerabilidad; resilience

## Disaster, Vulnerabilidad, at Resilience: Konsepto, Kahulugan, at Lente

Magtutuon ang kasalukuyang pag-aaral sa pag-uugnay ng larangan ng panitikang pambata sa kasaysayan at araling pangkapaligiran at pandisaster. Kinikilala ang mga salik ng produksyon ng

mga ganitong akda sa kinalalagyan nitong historikal na konteksto. Sa unang tingin, tunay ngang makikita sa peryodisasyon na ang maituturing na unang akdang pambatang tumalakay sa disaster na dulot ng mga natural na hazard tulad ng bagyo at baha, ang *Bituin and the big flood,* ay lumabas noong 2010, bilang pag-aalay sa mga batang naapektuhan ng tropical storm (TS) Ondoy (*Ketsana*, 24-27 Setyembre 2009) at typhoon (T) Pepeng (*Parma,* 30 Setyembre- 10 Oktubre 2009). Sa panahong ito, katatapos lamang maipahayag ng noo'y hindi pa pangulong si Benigno Simeon Aquino III ang kaniyang pagtakbo sa naturang posisyon. Isang espekulatibong tanong ang lilitaw: masasabi bang isa itong signos, isang *foreshadowing*? Sa susunod na mga taon, masisilayan pa ang pagluwal ng mga akdang pambata, sa komersyal mang produksyon o bilang bahagi ng proyektong pampamahalaan. Sa pambansang karanasan at gunita hinggil sa matinding pinsalang naidulot ng super typhoon (ST) Yolanda (*Haiyan*, 6-9 Nobyembre 2013), magiging "sentro-de-gravedad" ito ng mga akdang pambatang pumapaksa sa usaping pandisaster. Samantalang mailalahad ang pagdidiin ng administrasyong Aquino sa proyektong pandisaster at mga kakulangan at pagkakamali rin nito, masisilayan din ang pagpupursige ng mga manunulat, tagaguhit, tagadisenyo, at tagapaglathala sa pagtatampok ng mga paksang tumatalakay rito, taglay ang iba't ibang motibasyon.

Sa kaniyang ambag na pag-ugnayin ang kasaysayan at vulnerabilidad, pinasimulan ni Ma. Florina Orillos-Juan ang kaniyang akda sa pagsisinop ng mga kahulugan ng risk, hazard, disaster, at vulnerabilidad. Mula sa iba't ibang sanggunian, katuwang din ang pagpupunto ng mga hangganan at politika ng pagpapakahulugan, binigyang-kahulugan ni Orillos-Juan (2017, 1-2) ang mga termino: *risk* ("pagkakalantad sa peligro, malala at hindi kaaya-ayang probabilidad o mga kondisyon na nagbibigay-daan sa peligro"), *hazard* (panganib o peligro: "may mga panganib na walang kinalaman sa aktibidades ng tao at yaong mga resulta lamang ng pakikialam ng tao"), *disaster* ("malalim, malawak, at masamang epekto sa lipunan ng mga hazard"), at *vulnerabilidad* ("kabaligtaran ng pagiging nasa isang ligtas o seguro na estado"). Mariing pinauuli-ulit ni Orillos-Juan ang katotohanan ng flexibilidad ng pagpapakahulugan sa mga terminong ito na nakaangkla sa kung anomang eskuwela ng kaisipan at pambalanang persepsyon.

Gayumpaman, isang eskuwela ng kaisipan ang isinusulong ni Orillos-Juan sa kaniyang historikal na pag-aaral ng pamemeste ng balang at lipunang Pilipino, na maaaring magamit din sa panunuri ng mga naratibo sa mga akdang pambata. Ang tinutukoy rito ay ang tinatawag na "*lente ng vulnerabilidad*," na isang panibagong pananaw na nahubog bilang pagsalungat sa palasak na *hazards paradigm* (Orillos-Juan 2017, 2-3). Kaiba sa hazards paradigm na tinitingnan ang mga hazard bilang eksternal, aksidental, nasa labas, at tiwalag sa lipunan, at ang mga usapin ng disaster at risk sa lipunan ay nangangailangan lamang ng "purong lunas na teknokratiko" (Orillos-Juan 2017, 3; tingnan din ang Gaillard 2007, 524), idinidiin naman ng *lente ng vulnerabilidad*

> kung paano ang mga pamayanan ay nalalantad sa iba't ibang *hazard*. Sa tuwing may disaster na magaganap, higit na pinagtutuunan ng pansin kung sino ang mga apektado at ang kanilang kakayahan na maging matatag sa gitna ng pagsubok at kapagdaka ay makabangon mula sa epekto ng *disaster*… Maaaring ugatin ang estado ng kanilang pagiging *vulnerable* mula sa mga istrukturang sosyal, pulitikal, ekonomiko, kultural, at historikal ng lipunan na kanilang ginagalawan. Kapabayan

> sa panig ng gobyerno, kasalatan sa mga serbisyong panlipunan, at ‘di pantay na karapatan sa mga rekurso (*resources*) ang siyang nagdudulot ng pagsasantabi o marhinalisasyon ng mga tao, dahilan upang lalo pang maging lantad sa mga *hazard*. (Orillos-Juan 2017, 3-4)

Kahimig ng paggigiit na ito ni Orillos-Juan ang pananaw ni Greg Bankoff (2003) sa kaniyang pag-aaral sa baha. Kinikilala ni Bankoff (2003, 95) na bagaman kaugnay ang penomenon ng pagbaha sa mas malawak na global na krisis pang-ekolohiya, isa rin itong epekto ng mas lokalisadong aktibidades na gawa ng tao. Ipupunto din niya ang argumento ni Terry Cannon na nabanggit na rin sa ilalim ng “lente ng vulnerabilidad” ni Orillos-Juan (2017, 3-4): “Mariing iginigiit ni Terry Cannon na habang ang mga hazard ay natural, hindi ang mga disaster” (2003, 96). Hinggil sa pagbabanyuhay ng hazard patungong disaster, ayon sa pagsipi naman ni Jean-Christophe Gaillard (2007, 522) kay Cannon, “Kung gayo’y idinidiin ng vulnerabilidad ang kalagayan ng isang lipunan na ginagawang posible ang isang hazard na maging isang disaster.” Idadagdag din ni Bankoff (2003, 96) na nagluluwal ang mga panlipunang sistema ng di-pantay na pagkakalantad sa risk, at ang mga di-pagkakapantay-pantay na ito sa risk at oportunidad ay maituturing na tungkulin ng mga ugnayang pangkapangyarihang kumikilos sa bawat lipunan.

Kaugnay ng konsepto ng vulnerabilidad ang konsepto ng “resilience.” Matapos taluntunin ang kasaysayan ng pagsasakonsepto ng “resilience” mula sa iba’t ibang iskolar at teorista ng araling pangkapaligiran, nagbunsod si Gaillard sa pagkilala ng iba’t ibang kahulugang nakakabit sa “resilience” (kung kaya’y papanatilihin ang terminong ito sa Ingles sapagkat hindi pa mahanapan ng may-akda ng angkop na katumbas sa Filipino). Kinilala niya ang pag-iiba nina Dovers at Handmer sa tatlong antas ng panlipunang resilience: sa pamamagitan ng 1) pagsalungat (*resistance*) sa pagbabago, 2) lumalawig na pagbabago sa gilid (*margins*), at 3) pagiging bukas at pakikiangkop (*adaptability*) (Gaillard 2007, 523). Kung gayon, tulad ng pagsunod ng United Nations International Strategy for Disaster Reduction sa pagpapakahulugang ito, ang terminong “resilience” ay sumasakop sa mga kahulugan ng “pagsalungat/ pagtanggi/ paglaban/ katatagan” sa anomang banta, pinsala, at pagbabago, at “pagbabago/ pagiging bukas (*openness*)” upang makabangon at makiangkop (Gaillard 2007, 523). Dagdag pa niya, “Nagkakaiba ang resilience sa vulnerabilidad sa pamamagitan ng pagkilala nito sa kakayahan at sa pamamaraan kung paanong tumutugon ang mga tao sa mga krisis at disaster. Sa kabilang banda, sinasaklaw lamang ng vulnerabilidad ang pagkakalantad ng mga indibidwal na magdusa sa pinsala at gayo’y upang gawing isang disaster ang pagdatal ng isang likas na hazard” (Gaillard 2007, 523). Tulad naman ng paglalapat ni Orillos-Juan ng “kasaysayan at vulnerabilidad” sa kontekstong Pilipino, at katuwang ng multikultural na pag-aaral ni Gaillard ng resilience ng mga tradisyunal na lipunan, maidadagdag ang sikolohikal na pag-aaral hinggil sa pampamayanang resilience (*community resilience*) noong pananalasa ng Ondoy, na isinagawa nina Maria Luisa G. Adviento at Judith M. de Guzman (2010). Tinukoy nina Adviento at de Guzman (2010, 101) ang sampung “positibong katangian” (*positive characteristics*) sa lente ng positive psychology.

**Balangkas ng Pag-aaral**

Sa pagdidiin ng mga kaisipan at lenteng ito sa mga panlipunang sistema bilang aktibong salik sa pagpapababa ng antas ng vulnerabilidad ng mga tao sa harap ng likas na hazard at antas ng disaster risk, maging ang pagtalakay ng resilience bilang "katatagan" man o "pagiging bukas sa pagbabago," maaaring mailapat ang mga ito sa pagbuo ng pananaw sa mga piksyonal na naratibo sa mga kuwentong pambata. Bilang paglayo sa palasak na "moralistikong" pagtingin sa mga akdang pambata, tatalakayin gamit ang pampanitikang "kontekstuwalistang lente" o "historikal-sosyolohikal na pananaw" (Reyes 1994, viii; 2005, 78) pareho ang 1) kontekstong pampolitika at panlipunan ng mga bagyo bilang disaster noong 2009-2016 (nakapaloob dito ang panahon ng Administrasyong Aquino), kung kailan masisilayan ang paglalathala ng mga akdang pambatang susuriin sa pag-aaral na ito; at 2) ang mga perspektibang ginagamit at motibasyong nagtutulak sa mga manlilikha ng akdang pambata pumapatungkol sa disaster, risk, vulnerabilidad, at resilience sa mga tagpo ng pananalasa ng bagyo. Kasunod ng pagsasakonteksto bago at sa panahon ng administrasyong Aquino at ang mga usaping pandisaster, at sa kasaysayan ng panitikang pambatang tumatalakay sa kapaligiran, tataluntunin ang mga sumusunod na pagtalakay:

1) Intertekstuwal na pagtingin sa mga motibasyon ng mga manlilikha ng mga susuriing picturebooks. Sisinupin ang mga posibleng batis ng pagtalakay ng mga manlilikha sa kanilang mga akda, tulad ng mga sanaysay, artikulo sa pampahayagang kolum, panimula, parateksto at iba pa. Ginagamit dito ang kontekstuwalistang lapit na pinag-ugnay-ugnay ang mga historikal-sosyolohikal (kasaysayan ng kaligiran ng akda, lipunan, porma, at nilalaman), at sikolohikal (may-akda) na pananaw (Reyes 1994, viii; 2005, 78).

2) Pagtukoy ng vulnerabilidad: Magsasagawa ng pagsisinop at panunuri ng iba't ibang bahagi at nilalaman ng mga tampok na picturebooks upang maitaguyod ang konteksto ng vulnerabilidad. Kadalasang lumilitaw ang mga pantukoy na ito sa bahaging pre-disaster ng naratibo. Gagamitin ang mga ipinuntong aspekto ng vulnerabilidad mula sa mga nabanggit nang pag-aaral (Orillos-Juan 2017; Bankoff 2003; maging ang Citizens' Disaster Response Center 2014). Ang ganitong pagsisinop ng mga nilalamang berbal-biswal sa mga akdang pambata ay humuhugot ng inspirasyon sa mga nauna nang sikolohikal na panunuri ng mga "pambatang" animated films, tulad ng pag-aaral ni Keanne Pauline Samar (2016) sa tauhang si Carl Fredricksen ng *Up* (2009).

3) Pagsasakategorya ng mga katangian ng resilience: Para naman makita ang mga pantukoy ng resilience ng pamayanan, susuriin ang mga nilalaman ng akdang pambatang nakapaloob sa habang at pagkatapos ng disaster, kung saan sila mas lumilitaw. Magbabatay sa isang sikolohikal na pag-aaral ng "community resilience" sa mga nakaranas ng Ondoy (Adviento at de Guzman 2010) ang pagtukoy ng mga partikular na positibong katangian ng resilience na ipinakita sa mga piksyonal na naratibo.

4) Pagtatasa sa ugnayan ng mga katha at tunay na lipunan mula sa pagbabalangkas na ito at ang pagmumungkahi ng pagpapaunlad ng temang ito ng panitikang pambata.

Para sa pag-aaral na ito, higit na magtutuon sa mga kuwentong mahihinuha mula sa mga piksyonal na picturebooks. Sapagkat nagtutuon sa naratibo ang mga picturebooks sa halip na payak na paglalahad ng mga impormasyon (na pangunahing sangkap ng mga akdang impormasyonal at di-piksyon), maipapasok ang mga ito sa mga uri ng panunuring nagtatasa ng mga taglay nitong elemento, upang makita ang mga kaisipang isinasahapag nito katuwang ng paggamit ng lente sa aralin at kasaysayang pangkapaligiran, lalo na ang konsepto ng disaster, vulnerabilidad, at resilience.

Magkakaroon naman ng pahapyaw na pagtingin at pagmumungkahi ng mga sunod na pag-aaral sa mga akdang impormasyonal/ di-piksyon. Isang limitasyon na tinitingnan dito ay ang pagiging masaklaw ng mga akdang impormasyonal kung kaya't hindi maiuturing na para lamang sa hazard o disaster na dulot ng bagyo. Itinatampok ng mga akdang impormasyonal ang iba't ibang uri ng hazard o disaster, tulad ng bagyo, sunog, pagputok ng bulkan, lindol, at maging ang pangkalahatang pang-unawa sa weder.

**Usaping Pandisaster at ang Administrasyong Aquino (2010-2016)**

Isa sa mga naging sentral na usapin sa panahon ng Administrasyong Aquino ang disaster bunsod ng mga bagyo. Magkakaroon ng pagdidiin ang pamahalaan sa mga usapin at pag-aaral hinggil dito kasabay ng mga isyu at kontrobersya na lilitaw sa panahon ng pananalasa ng malalakas na bagyo. Sa pagdedeklara pa lamang ni Aquino ng kandidatura para sa pagkapangulo noong 9 Setyembre 2009, malaong haharapin naman ng bansa ang magkasunod na (TS) Ondoy (*Ketsana*, 24-27 Setyembre 2009) at (T) Pepeng (*Parma*, 30 Setyembre- 10 Oktubre 2009). Tinatayang nagkakhahalaga ng Php 11 bilyon ang pinsala sa imprastraktura at agrikultura ng (TS) Ondoy, samantalang lumobo na sa Php 27.297 bilyon ang pinsalang dulot ng (T) Pepeng ("NDCC Update: Ondoy and Pepeng" 2009, 4-5). Nang pormal na maluklok sa pagkapangulo si PNoy matapos niyang manumpa noong 30 Hunyo 2010, magiging isang ikutang pangyayari sa kasaysayan ng mga disaster na may pinakamatinding pinsala ang pananalasa sa panahon ni PNoy ng (T) Yolanda (*Haiyan*, 6-9 Nobyembre 2013), kung saan tinatayang Php 89.6 bilyon ang kabuuang halaga ng pinsala, may bilang na 1, 084, 762 kabahayan ang nasira, 6, 300 katao ang namatay, 28, 689 ang nasugatan, at 1, 061 ang nawawala ("NDRRMC Update: Yolanda" 2014, 1). "Malaki ang naiambag ng Typhoon Yolanda sa pagtaas sa mga naapektuhang tao, na naglagay sa 2013 bilang ang taong pinaka-apektado ng disaster mula pa noong 2006 nang may kabuuang 26, 131, 924 naapektuhang tao" (Citizens' Disaster Response Center 2013, 9). Ilan pa sa mga bagyong nagdulot ng matinding pinsala at panganib sa peryodong ito ay ang (T) Juan (*Megi*, 15-20 Oktubre 2010), (TS) Sendong (*Washi*, 14-18 Disyembre 2011), (T) Pedring (*Nesat*, 26-28 Setyembre 2011), (TS) Gener (*Saola*, 30-31 Hulyo 2012), (T) Pablo (*Bopha*, 2-9 Disyembre 2012), (T) Glenda (*Rammasun*, 13-17 Hulyo 2014), (T) Ruby (*Hagupit*, 3-10 Disyembre 2014), (T) Lando (*Koppu*, 14-22 Oktubre 2015), at (T) Nona (*Melor*, 9-17 Disyembre 2015) (Citizens' Disaster Response Center 2010, 10; 2011, 6; 2012, 6, 10; *Patnubay sa Weder Forkasting* 2014, 62-63).

Kasalimbayan ng mga makasaysayang pagdating ng mga bagyo kung saan nakabatay ang tindi ng pinsala pareho sa intensidad ng disaster at sa vulnerabilidad ng lipunang tinamaan nito,

masisilayan din sa panahon ni PNoy ang mga pagbabago sa pampamahalaang balangkas at proyekto na tumutugon sa usapin ng disaster: ang pagtataguyod noong panahon ni Pang. Gloria Macapagal-Arroyo (PGMA) ng *Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010* (naaprubahan, 27 Mayo 2010) bago bumaba sa puwesto, ang pagpapatuloy sa panahon ni PNoy ng National Disaster Risk Reduction and Management Plan (NDRRMP) at Pre-Disaster Risk Assessment (PDRA) ng National Risk Reduction and Management Council (NDRRMC), at ang pagtataguyod ng Project Nationwide Operational Assessment of Hazards (NOAH) noong 2012 ng Department of Science and Technology (DOST) ("Philippine Disaster Risk" 2010; Montenegro 2015). *Kuhnian* pa ang naging paglalarawan sa pagbabago ng balangkas ng institusyong para sa pagkontrol ng disaster: isang "paradigm shift" diumano ang pagpapabuti ng batas hinggil sa disaster management sa Pilipinas, na naganap lamang matapos ang tatlong dekada nang mapalitan ang Presidential Decree No. 1566 (11 Hunyo 1978), na nagtataguyod ng National Program on Community Disaster Preparedness, ng Republic Act No. 10121 (27 Mayo 2010) ("Philippine Disaster Risk" 2010; "Y It Happened" 2014, 2-3). Inuugat ito sa kahingian ng mas mainam na batas, balangkas, at implementasyon hinggil sa disaster matapos ang mapinsalang Ondoy at Pepeng sa panahon ni PGMA. Ang noo'y National Disaster Coordinating Council ay napalitan ng National Disaster Risk Reduction and Management Council na binubuo ng mas maraming kasaping-ahensya (Sek. 5 ng RA 10121, sa "Philippine Disaster Risk" 2010). Gayundin, sa lilim ng "paradigm shift," ibinabandera ng RA 10121 ang mga pagbabago sa lapit, pananaw, at tuon na nakikihimig sa daloy ng diskurso sa araling pandisaster at vulnerabilidad: 1) lapit na mula ibaba pataas at mas nakapanghihikayat ng pakikilahok sa pagpapahina ng disaster risk, 2) pananaw na salamin ng vulnerabilidad ang disaster sa halip na likha lamang ng pisikal na hazard, at 3) tuon sa tunay na panlipunan at pantaong development upang mapahina ang disaster risk sa halip na tuon lamang sa pagtugon at pagmamatiyag sa mga disaster ("Y It Happen" 2014, 3).

Gayumpaman, bagama't mayroong masigasig na pagpapatuloy ng nailatag nang mga perspektiba at proyekto sa kakataguyod lamang na institusyon ng NDRRMC, hindi rin maikakaila ang mga isyu at suliraning lumitaw sa panahon ni PNoy hinggil sa paghahanda, pagresponde, at mitigasyon kapag may nangyayaring disaster. Ayon sa Philippine Disaster Report 2013 ng Citizens' Disaster Response Center, bagama't nagpakita ng pababang trend ang kadalasan (*frequency*) ng disaster mula 2004 hanggang 2010 at 2012 hanggang 2013, kapansin-pansin naman ang matinding pagtaas mula 2012 hanggang 2013 (pazigzag-zigzag mula 2004 ang trend) hinggil sa bilang ng mga naapektuhang tao (2013, 9). Isa itong pagpapatunay sa tunguhin ng *lente ng vulnerabilidad* na hindi lamang ang panlabas na "likas na hazard" ang bumubuo sa "disaster," kundi maging ang mga suliranin, pagkukulang, at politika sa panloob na dinamiko ng lipunan o bansa para sa epektibong paghahanda at mitigasyong pandisaster. Sa disaster ng Yolanda, naitala ang mga problema tulad ng kabagalan ng pagresponde, kuwestiyonableng pagtatala ng casualty, kawalan ng immunization para sa mga boluntaryo, isyu ng "no-show" ng pangulo, pagkapanis ng libo-libong food packs na tinatayang nagkakahalaga ng Php 2.8 milyon para sa mga nasalanta, milyong-milyong halaga ng cash donation na hindi pa nagagastos at nakatago lamang sa mga bank account ng Department of Social Welfare and Development, at hindi maayos na ugnayan ng pamahalaan at mga lokal na ahensya sa pag-aabot ng tulong (Torres-Tupas 2013; Ramos 2013; Dinglasan 2014; Hegina 2014; Cabacungan 2015). Sa inilabas na resulta ng survey ng Pulse Asia noong Disyembre 2013, bumaba ang approval rating ni PNoy ng 6% (Santos 2014). Isinagawa ang

survey na ito matapos ang maiigting na disaster tulad ng matinding lindol sa Bohol at ang pananalasa ng Yolanda. Sa parehong buwan, naglabas din ng resulta ang Social Weather Station (SWS) kung saan tumaas ng 1% ang satisfaction rating at 2% ang overall 2013 rating ni PNoy (Santos 2014), samantalang maitutumbas ang "very good" sa 73% approval rating ni PNoy na sinasabing boses diumano ng mga nasalanta ng Yolanda (Corrales 2014). Gayumpaman, tinuligsa naman ng bloc na pinamumunuan ni Leyte Representative Martin Romualdez ang 73% approval rating ni PNoy sa SWS, kung saan nauna nang nagprotesta ang 15, 000 katao sa Leyte at Samar bilang pagkundena rito (Cruz 2014). Sumikat din ang katawagang "Noynoying" na nangangahulugang "do-nothing" o "walang ginagawa" ("Noynoying" 2012; "'Noynoying' gets international attention" 2012). Sa pagpapakahulugang "to do nothing and immerse in laziness," sinabi ni Laurence Marvin S. Castillo (2013, 77-79) na isa ang usaping pandisaster sa mga isyung tinukoy ng Anakbayan na kakakitaan ng *Noynoying*, partikular ang disaster ng (TS) Sendong sa Hilagang Mindanao.

Sa iba namang usapin tulad ng edukasyong pangkapaligiran at pandisaster, isa sa mga tugon para sa "pangangailangang palakasin ang kampanya para sa madali at simpleng weder forkasting upang maiwasan at makaligtas sa anumang peligrong hatid ng weder" (Almario 2015) at "pagsasakapangyarihan sa kabataan na paniguruhing ligtas ang kanilang mga sarili… na mainam na makababawas sa personal na antas ng risk sa mga hazard" (Luistro, w.p.) ay ang paglalathala ng mga pang-edukasyong materyal at akda. Ito ang siyang layunin ng paglilimbag ng *Patnubay sa Weder Forkasting* sa pagtutulungan ng DOST at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), at *What Happens in Disasters*, sa pagtutulungan ng Department of Education (DepEd) at Japan International Cooperation Agency (JICA). Sa larangang pandaigdig, makikitang mayroon na ring mga malawakang inisyatiba sa pananaliksik hinggil sa ugnayan ng karanasan ng mga bata sa mga disaster at ang edukasyon hinggil dito. Naunang inilathala nitong 2010 ng Save the Children ang *Living with disasters and changing climate: Children in Southeast Asia telling their stories about disaster and climate change*, kung saan mababasa ring tumulong ang naturang organisasyon sa mga nasalanta (lalo na ang mga bata) ng bagyong Ketsana (Ondoy) sa Pilipinas at Vietnam (Chaimontree 2010, 9). Makapangyarihan ang paggigiit sa aklat na "hindi dapat tingnan ang mga bata bilang mga biktima, kundi mga tagaganap sa pagtugon sa mga bias ng likas na disaster at pagbabagong-klima sa kanilang mga buhay at sa buhay ng kanilang mga pamayanan" (Chaimontree 2010, 4). Inilabas ng United Nations Children's Fund (UNICEF) at International Strategy for Disaster Risk Reduction (UNISDR) noong Disyembre 2011 ang *Children and disasters: Building resilience through education* na sumaklaw sa mga bansang kabilang sa Central and Eastern Europe/ The Commonwealth of Independent States (CEE/CIS). Taong 2011 din ilalathala ng International Federation of Red Cross and Red Crescent Societies ang *Public awareness and public education for disaster risk reduction: A guide,* na tulad din ng pagtiwalag sa tradisyonal na teknokratikong paglulunas sa disaster, ay nagpapalaganap ng edukasyong pandisaster at pangkapaligiran upang ihulma ang publiko bilang "aktibong bahagi ng kultura ng kaligtasan" ("Public awareness" 2011, 14).

**Kapaligiran at Disaster sa Panitikang Pambata ng Pilipinas:**

**Tradisyon at Didaktisismo ng Tunggaliang Tao-Kalikasan**

Bilang bahagyang pagbalik-tanaw sa produksyon ng mga lathalain na pumapaksa sa edukasyong pangkapaligiran, nang mapagtibay ni PGMA ang Environmental Awareness and Education Act of 2008 (RA 9152), pormal na ipinapasok sa pampaaralang kurikulum ang "environmental education" na sumasakop sa responsibilidad ng mga mamamayan sa sariling kapaligiran. Mababasa sa Sek. 7 ang ilan sa mga capacity-building programs na kinabibilangan ng "development and production of environmental education materials".

Sa puntong ito, maaaring sabihing malaon nang may ginagampanang malaking papel sa pormal at impormal na edukasyong pangkapaligiran ang mga nailathalang materyal, partikular na ang mga akdang pambata. May mahaba na itong tradisyon ng tema ng ugnayan ng tao at kapaligiran, kung saan ang ilang kinikilalang makasaysayang punto ay makikita sa produksyon ng mga akdang pambatang pinamamayanihan ng tunggaliang tao-kalikasan/ kapaligiran/ daigdig sa anyo ng mga 1) kuwento ng adbentura at paglalakbay noong huling dantaon ng pamamahalang Espanyol, tulad ng *Ang Bagong Robinson* (1879), isang isina-Tagalog na kuwentong umuugat sa orihinal na Alemang *Robinson der Jüngere* (1779-80) ni Joachim Heinrich Campe; 2) gayundin sa panahon ng pamamahalang Amerikano, sa anyo ng mga nobelang pambata, tulad ng *Barbara's Philippine Journey* (1913); hanggang sa 3) itinuturing na "tatlong dekada ng panitikang pambata" (Evasco, 2012), na sumaksi sa paglilimbag ng mga picturebook na *Si Emang Engkantada at ang Tatlong Haragan* (1980), *Munting Patak-Ulan* (1981), *Si Inggolok at ang Planeta Pakaskas* (1988), at iba pa. Mahihinuha mula sa mga akdang ito ang namamayaning arketipo ng sanhi-bunga ng pagmamalabis, pag-aaksaya, at hindi angkop na eksploytasyon ng mga likas na yaman at ang dulot nitong mga disaster at pinsala mula sa mga likas na hazard. Gayundin ang paghahabi, paghuhulma, at/o pagsasalin ng mga mahahalagang impormasyon hinggil sa kapaligiran sa pormang pasalaysay, kung saan mauulinigan ang noon pa'y ipinunto nang katangian ni F. M. McMurry: mga "biograpikal na pag-aaral ng heograpiya" na nasa "anyong pakuwento, na may estilong naglalagay sa mga ito sa antas ng panitikan" (Burks, 1913). Gayumpaman, sa isang historikal na pagtalakay, hindi pa maaaninag sa larangan ng panitikang pambata ang espesipikong pagtatampok ng mga kalunos-lunos na karanasan ng mga sinalanta ng bagyo at ang kaakibat na mga paghahanda upang maiwasan o mabawasan ang mas matitinding peligro, panganib, at pinsala na dulot ng mga bagyo. Kakabit nito ang katunayang maging sa konsepto ng "kamalayang pangkapaligiran" ng RA 9152, mas nakatuon ang pagkasangkapan sa mga likas na yaman, pangkapaligirang konserbasyon, at pagpapanatili ng balanseng ekolohikal sa tunguhin ng pang-ekonomiyang paglago ("economic growth") at napapanatiling pambansang kauswagan ("sustained national development"). Hindi pa gaanong gagap o sinasakop kung gayon ang pagdidiin sa kamalayang pangkapaligiran upang maiwasan, mabawasan, at/o mapahina ang risk at vulnerabilidad na dulot ng klimatikong hazard, ang bagyo.

Umuugat ang unang akdang pambata (kung hindi man isa sa mga nauna) hinggil sa disaster bunsod ng bagyo at baha, *Bituin and the Big Flood* (2010) nina Ceres Doyo at Jess Abrera sa matanda nang tradisyon ng tunggaliang tao-kalikasan sa panitikang pambata ng Pilipinas. Makikita sa ganitong balangkas ang pagkakaroon ng mga bahaging 1) maayos na pakikitungo ng tao sa

kalikasan, 2) pag-abuso at eksploytasyon ng tao sa kalikasan, 3) paghihiganti ng kalikasan sa pamamagitan ng isang disaster at ang pagbabalik-loob ng tao sa kalikasan. Makikita rito ang moralistiko at didaktikong layon ng sanhi-bunga, kung saan ang maling pagkasangkapan sa kalikasan ay nagdudulot ng pinsala sa tao. Ganito ang makikita sa kuwentong bayan ng may motif ng diwata ng kalikasan, tulad nina Mariang Makiling, Cacao, at Sinukuan (tingnan ang muling pagsasalaysay, *Mariang Sinukuan: Ang Diwatang Tagapag-ingat ng Bundok Arayat* sa Evasco at Cultura 2010) at ang repormulisadong Emang Engkantada nina Rene Villanueva, Alfonso Oñate, at Wilfredo Pollarco (1980; tingnan ang mas matandang bersyon na nailathala ng Nutrition Center of the Philippines Publishing Corp. noong 1977 sa Alabado 1979, 219-222). Kasabay ng mga ito ang paglitaw din ng iba pang motif, tulad ng temang extraterrestrial at dystopian sa kuwentong Batibot na *Si Inggolok at ang Planeta Pakaskas* (1988). Makikita rito ang makakalikasang paggigiit habang maharayang binago ang tagpuan ng kuwento: inilagay sa isang planetang gawa sa matatamis na pagkain (ang Planetang Pakaskas) ang mga tauhan at makikita ang kasibaan ng mga tagaroon na magbubunsod ng pagkasira ng kanilang daigdig (Villanueva et. al. 1988). Nawala man ang mga diwata o mga Mariang tagapagturo sa mga tao sa mga susunod na akda, magpapatuloy pa rin ang katauhan ng Kalikasan sa iba't ibang bihis, ang pagbabalik-loob ng tao upang maiwasan o mapahina ang mga pinsala ng mga disaster tulad ng baha, landslide, at bagyo. Kinikilala ang merito ng tradisyong ito sa lente ng vulnerabilidad kung saan hindi panlabas na ahente lamang ang mga likas na hazard na nagdudulot ng pinsala, kundi bahagi din maging ang mga lokalisadong gawain ng mga tao kung kaya sila nalalantad sa panganib at pinsala.

## Yolanda bilang Sentro-de-Gravedad: Pagsasakonteksto ng mga Kathang Picturebook

Gamit ang kontekstuwalistang lapit na nagtutuon sa kaligirang panlipunan at pampanitikan, susuriin sa pag-aaral na ito ang ilan sa mga akdang pambatang nailathala sa loob ng administrasyong Aquino (2010-2016). Para sa naturang pag-aaral, hahatiin ito sa dalawang kategorya: 1) mga picturebook, kung saan may integral na bahagi ng aksyon ang mga guhit at lumilitaw ito sa bawat pahina ng aklat (Alabado 1979, 47), at 2) mga aklat impormasyonal, na nagtatampok ng mga kaalaman na maaaring walang "tunay" na banghay/ salaysay/ kuwento, o hindi-katha (nonfiction). Maibibilang ang mga sumusunod bilang picturebooks: *Bituin and the Big Flood* (2010), *Signal Number 3* (2014), *Noah and the Great Flash Flood* (2014), *Maria's Colorful Banca* (2014), at *What Happens in Disasters* (inilunsad 2016). Para naman sa mga akdang impormasyonal: *Let's Get Ready* (2013), *Can We Live without Trees?* (2014), *Handa ako!* (2015), at *Patnubay sa Weder Forkasting* (2015).

Bagama't umiikot sa bagyo bilang isang likas na hazard, iba't iba ang ikinukuwentong disaster sa mga picturebook. Pinakamadalas na itampok ang baha (sa *Bituin and the Big Flood, Noah and the Great Flash Flood, What Happens in Disasters?,* at *Signal Number 3*), kung saan maaaring maikategorya ang pinsala batay sa lebel o taas ng baha o sa lakas ng pagragasa nito. Makikita ring hazard ang malakas na bugso ng hangin (sa *Maria's Colorful Banca*), matagalang buhos ng ulan (sa *Noah and the Great Flash Flood*), pagguho ng lupa (sa *Bituin and the Big Flood*), at pananalasa at pagragasa ng madumi o maputik na baha (sa *What Happens in Disasters?*).

Bago pa man ang Administrasyong Aquino, sisibol ang unang tagapagsulong ng kathang pambata na nagtatampok ng karanasan, kaalaman, at kamalayang pandisaster. Sinulat ng mamamahayag at kolumnistang si Ma. Ceres P. Doyo at iginuhit ng kartunista at pintor na si Jess Abrera, inialay ang *Bituin ang the Big Flood* sa mga batang nasawi at nakaligtas noong bagyong Ondoy at Pepeng (Doyo at Abrera 2010, 3). Inilimbag ito ng Anvil Publishing, Inc., at sinakop ang mga estante sa mga tindahan ng aklat noong 24 Disyembre 2009 (Doyo 2009). Kinikilala nito ang hiwaga ng kuwentong pambata na mailabas ang mga itinatagong kuwento at damdamin ng mga bata, at makatulong sa pagbangon ng mga bata na nakaranas ng trahedyang dulot ng mga likas na disaster. Ilan sa mga pinagbatayan ng materyal ni Doyo ay ang pagbisita sa isang disaster area, mga balita, at primaryang tala hinggil sa trauma ng mga batang nagdusa ng mga likas na disaster na nangyari kamakailan (Doyo 2009). Isang bahagi ng parateksto (Doyo at Abrera 2010, 24) ang listahan ng mga gabay na tanong na mag-uugnay sa kuwento nina Bituin at sa karanasan ng mga bata, at humihikayat na ibahagi ang kanilang karanasan (lalo na kung nahihirapan silang ikuwento ito). Maging si Doyo ay kumonsulta ng isang child psychotherapist upang mahubog pa ang kuwento at mga gabay na tanong (Doyo at Abrera 2010, 3).

Lilipas pa ang ilang taon bago umusbong ang tatlong akdang hinggil sa disaster matapos manalasa ang (T) Yolanda. Taong 2014 nang mailalathala ang *Signal Number 3, Maria's Colorful Banca,* at *Noah and the Great Flash Flood,* kung kailan makikitang "sentro-degravedad" ang nangyaring trahedya ng Yolanda noong 2013. Bagama't nauna nang nakapagsulat si Luis P. Gatmaitan ng isang sanaysay na nagtatampok ng karanasan ng mga bata na napinsala ng pagguho ng lupa sa Real, Infanta, at Nakar sa Quezon noong 2005, magiging tagapagtulak niya ang penomenon ng Yolanda upang tuluyan nang isulat ang isang akdang pambatang hinggil sa disaster ng bagyo (Gatmaitan 2018). Isinulat ni Gatmaitan ang kaniyang malikhaing sanaysay na *Tapok at Banlik* noong 2005 na nagbabatay sa kaniyang karanasan nang magtungo bilang facilitator ng Arts Therapy Workshop sa UNICEF-CCP sa Real, Quezon kung saan naganap ang "mudslide tragedy" ng Nobyembre 2004 (Gatmaitan 2018). Nagwagi ito ng Unang Gantimpala sa Don Carlos Palanca Memorial Awards para sa Sanaysay noong 2005 din. Naisipan naman niyang ituloy ang pagsulat ng isang kuwentong pambata hinggil sa disaster nang maganap ang trahedya ng Yolanda sa Tacloban: "Nang maganap ang Yolanda, pinangatawanan ko nang sulatin ang akda upang makapag-ambag ako sa ani ng panitikang pambata tungkol sa natural disasters" (Gatmaitan 2018). Makikita ang interteksto sa *Tapok at Banlik* sa kaniyang dedikasyon sa *Signal Number 3*, na iginuhit ni Jether Amar at inilathala ng OMF Literature Inc.: "For the child survivors of the Real, Quezon mudslide tragedy" (Gatmaitan at Amar 2014, end paper). Ang *Maria's Colorful Banca* naman ay kinatha ng apat na manlilikha: ang mag-inang Ella Louise Francia at Minnie Francisco-Francia bilang mga may-akda at sina RJ Aquino at Janice Y. Perez bilang mga tagaguhit. Isang self-published na akda, nakabatay ang kuwentong ito sa karanasan ng mga taga-Bantayan Island sa dulo ng Cebu, kung saan naganap ang ikaapat na pag-landfall ng (T) Yolanda noong 8 Nobyembre 2014 (Francia et. al. 2014, 24; "NDRRMC Update: Yolanda" 2014, 1). Bahagi naman ng mga proyekto sa pagitan ng Japan International Cooperation Agency (JICA) at administrasyong Aquino (partikular ang Department of Education) ang paglalathala ng isang "story book" na nagsusulong ng kamalayang pandisaster para sa mga mag-aaral, ang *What Happens in Disasters.* Inilunsad ang akdang ito na naglalaman ng mga tala mula sa mga piling batang nakaranas ng likas na disaster sa Bohol, Albay, Leyte, Maynila, at Samar noong 2016 ("News from Philippines" 2016,

5). Inilathala naman ng Chikiting Books ng Vibal Publishing ang *Noah and the Great Flash Flood* (2014), na sinasabing isang repormulisadong kuwentong mula sa Bibliya na naggigiit ng kamalayang pangkapaligiran.

**Pagsinop ng iba pang mga Hazard/ Disaster: Mga Akdang Impormasyonal**

Bago tumungo sa panunuri ng mga picturebook, isang bahagyang paglihis sa daloy ng pag-aaral ang ilalaan upang mabigyan ng pahapyaw na pangkalahatang pagbasa ang mga akdang impormasyonal. Makikita ang trend ng ginawang paghawan ng mga manlilikha ng akdang pambata na lumawig sa tinatawag ni Eugene Evasco na "Ikatlong Dekada ng Panitikang Pambata" mula 2000-2009 (2012, 128-129). Makikita sa panahong ito ang "paglawig ng depinisyon" ng panitikang pambata "mga aklat na hindi maituturing na sumusunod lamang sa anyo ng *picture book* na palasak na anyo ang [*sic*] panitikang pambata sa bansa" (Evasco 2012, 129-130). Mula sa dominanteng anyo ng picturebooks kung saan makikita ang pamamayani ng naratibo o kuwentong inilalahad ng salita at guhit, nagkaroon ng paglago ng mga akdang impormasyonal— kung saan masasabing pangunahin ang "impormasyong" inilalahad kaysa sa "kuwento" ng kuwento. Sa pandaigdigang produksyon ng akdang impormasyonal, matatag na ang pundasyon nito na masisilayan sa pamamayani ng mga encyclopedia, almanac, at atlas para sa mga bata at kabataan. Sa tinaguriang "Ikatlong Dekada," makikita ang pagsasalin at pagpapakilala ng ganitong anyo at produksyon sa panitikang pambata ng Pilipinas. Pinuri ni Evasco (2012, 132) ang ambag ng Adarna House sa pagtataguyod ng "ensayklopedik na aklat reperensiya ng mga impormasyon at pangkulturang kaalaman para sa batang Filipino," na kikilalanin sa pag-aaral na ito sa masaklaw na kategorya ng "akdang impormasyonal".

Tulad ng mga picturebooks na susunod na susuriin, ang produksyon ng mga akdang impormasyonal ay maihahanay din bilang komersyal at pampamahalaan. Dalawang ahensyang pampamahalaan, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at ang Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) ang nagtulungan upang mailathala ang isang diksyunaryo namang terminong may kinalaman sa weder, *Patnubay sa Weder Forkasting* (2014). Bagama't hindi direktang sinasabing pambata ito, makikita sa anyo ng mga larawan at sa pagiging "ensayklopedik" nito ang pinagtutuunang mambabasa. Sa mga komersyal na publikasyon, nariyan ang inilathala ng Anvil Publishing, *Let's Get Ready* (2013), at ang mga inilathala ng Adarna House, *Handa ako!* (2015) at *Can We Live without Trees?* (2014), na isa sa serye ng impormasyonal na aklat na kinabibilangan ng *Can We Plug Into Lightning?* (2007), *Can We Drink the Ocean?* (2007), at *Can We Live on Mars?* (2009).

Makikita sa mga akdang impormasyonal ang holistikong pagtatampok ng iba't ibang anyo ng hazard (na maaaring mahati sa apat na kategorya: bagyo, sunog, pagsabog ng bulkan, at lindol). Higit pa sa pagiging isang manwal ng mga praktikal na kaalaman sa panahon ng disaster, ipinamalas din (halimbawa ng *Let's Get Ready*) ang pagiging interaktibo sa pamamagitan ng mga word puzzles hinggil sa paksa. Mahalagang elemento rin ang mga ilustrasyon upang gawing kapana-panabik at nakakapagpanatili ng attention span. Higit pa roon, makikita sa mga akdang impormasyonal na ito ang pagtatakda ng hangganan ng mga kahulugan sa mga terminong

pandisaster; gayumpaman, maaari ring tingnan ang ilang mga kalituhan tulad ng mga "sinonismong walang hangganan," suliranin sa tuwirang panghihiram, at inkonsistensi sa *Patnubay sa Weder Forkasting* (de Leon 2018; tingnan din ang Guillermo, Cajote, at Logronio 2015).

## Pagtukoy ng Vulnerabilidad: Bago ang Disaster

Sa konstruksyon ng vulnerabilidad, iginigiit ni Bankoff na bagama't sa isang banda'y epekto ang mga hazard at disaster ng malawakan at pandaigdigang krisis ekolohikal, bunga rin ito ng *mas lokalisadong aktibidad ng tao* (Bankoff 2003, 95; akin ang diin). Sa maikli ngunit komprehensibong paglalahad ng Citizens' Disaster Response Center (2014, 5-6), makikita ang paghahati ng mga katangian ng vulnerabilidad ng Pilipinas: 1) ang pisikal at heograpikal na katangian, at 2) sosyo-ekonomiko at pampolitikang kalagayan, na kinabibilangan ng kahirapan, kakulangan sa trabaho, mababang sahod at mataas na cost of living, at hindi sapat na panlipunang serbisyo.

Sa kaniyang sikolohikal na pag-aaral sa kalagayan ng isang balong si Carl Fredricksen sa pelikulang *Up* (2009), nagsagawa si Samar (2016) ng malapitang pagbasa sa berbal at biswal na naratibo ng pelikula upang maisakonteksto ang kaniyang DSM-5 diagnosis at makapagmungkahi ng angkop na therapy na makakatulong sa pagbangon at pakikiangkop ng naturang tauhan mula sa malungkot na pinagdaanan. Sa mga picturebooks, nararapat ding basahin ang mga ito sa naratibong berbal-biswal. Sa masalimuot na paraan ng pagtukoy at pagbuo ng vulnerabilidad ng mga pamayanan sa mga akdang pambatang hinggil sa disaster, kinakailangan na sinupin ang mga imahen at salita upang mapagtibay ito. Gayumpaman, limitado lamang ang maimumungkahing katangian na bumubuo sa vulnerabilidad ng mga tauhan sa limang akda. Maaaring hindi lahat ay nagtataglay ng iisang hinahanap na katangian. Dulot nito, mas magiging pang-indibidwal ang pagbasa ng mga akda (na siyang kalakasan ng naturang pagbasa ni Samar), nang may bahagyang pag-uugnay-ugnay sa iba.

Maaring simulan ang panunuri sa pagtingin sa anyo ng pamayanan na tampok sa kuwento. Sasabihin ni Bankoff sa kaniyang pag-aaral ng vulnerabilidad at pagbaha sa Metro Manila na "Bagama't naapektuhan ng pagbaha sa iba't ibang paraan ang lahat ng erya sa Maynila, ilan sa mga lungsod at munisipalidad ang *mas vulnerable* kaysa sa iba dulot ng kanilang *lokasyon at taas batay sa lebel ng dagat*" (Bankoff 2003, 99; akin ang diin). Masasabing karamihan sa mga akdang ito ay nakapook sa isang rural na lunan. Mas partikular ang pagiging rural ng *Bituin and the Big Flood, Noah and the Great Flash Flood,* at *Maria's Colorful Banca:* makikitang malapit sa bundok ang bahay nina Bituin, na kalauna'y makikitang may natapyas na bahagi dulot ng kawalan ng mga puno sa panahon ng disaster (Doyo at Abrera 2010, 22-23), sa unang spread pa lamang ng *Noah* ay sasabihin nang nakatira sa isang "baryo" si Noah (Zamora-Martinez at Doctor 2014, 3), samantalang makikita naman ang bahay nina Maria malapit sa pampang ng dagat (Francia et. al. 2014, 5-6). Dagdag pa, kabuhayan ni Maria at ng kanyang ama ang kanilang taniman ng mga damong dagat, at isa ring pasyalan ni Maria at ng kanyang mga kaibigan ang mga bakawan na tinitirhan ng mga alitaptap at malilit na isda (Francia et. al. 2014, 1-2, 7-8). Tutukuyin naman ng

teksto sa “The Typhoon that Swept Us Away” sa *What Happens in Disasters?* na nakatira ang pamilya ni Bert sa isang pulong madalas na binibisita ng bagyo, bagama’t hindi ito tahasang ilalarawan ng ilustrasyon (Dayao at Santillan 2016, 30).

Kung titingnan naman ang istruktura ng mga bahay at mga kagamitan ng mga protagonista, bahagyang malalaman ang kanilang sosyo-ekonomikong antas. Sa *Signal Number 3*, mahihinuhang nasa gitnang-uri ang tampok na pamilya sapagkat iminumungkahi ng dalawang-palapag na bahay, na may antenna (ng telebisyon?), yerong bubong, at disenyong “bahay-na-bato,” mga muwebles, ilaw, at radyo sa silid-kainan, kapasidad na maghanda ng emergency kit, mga tinukoy na gamit (“appliances, furniture, and other things”), edukasyon nina Yani at Tintin (itinanong ni Tatay sa isang bahagi kung natapos na ni Yani ang kaniyang assignment), at komposisyon ng pamilya (isang extended familya sapagkat kasama ang lolo at lola maliban pa sa ina, ama, at dalawang anak; mayroon ding mga alagang aso) (Gatmaitan at Amar 2014, 2-3, 6-7, 8-13, 18-19, 24-25). Makikita naman sa *Maria’s Colorful Banca* na kabilang ang pamilya sa uring manggagawa, sapagkat sinasalamin ng trabaho ng ama ni Maria (isang mangingisda, na nanghuhuli ng isda’t hipon, at may pinapalagong taniman ng damong-dagat); kung kaya’t ang pagkawasak ng paboritong bangka ni Maria ay hindi lamang pagkalusaw ng kinalakhang kasiyahan ng batang protagonista kundi pagkaantala rin ng kabuhayan nilang pamilya (Francia et. al. 2014, 1-4, 9-10). Makikita ring vulnerable ang kanilang bahay-kubo sa tabing pampang; gayumpaman, maliban sa pinupunto nitong sosyo-ekonomikong kalagayan, sasabihin naman ni Bankoff sa perspektiba ng arkitektura na “isang mabuting halimbawa ang payak na *nipa* at kawayang kubo: madali itong muling itayo kapag nasira at mas kaunti ang mapipinsalang tao sa panahon ng bagyo at lindol” (Bankoff 2007, 26).

Isang bahagi ang maaaring ilaan para sa partikular at direktang paglalatag ng vulnerabilidad sa *What Happens in Disasters?* (2016). Sa dalawang kuwento na pumapaksa sa baha at bagyo, makikita ang interesanteng pagpunto ng mga kondisyon ng heograpiya. Sa *What Lurks in Floodwater*, ipinuntong laging binabaha ang erya ng paaralan na pinapasukan ni Clara, at nasabi rin ng kanilang guro na “We all know what to do when it floods” (Dayao at Santillan 2016, 20-21). Sa *The Typhoon that Swept Us Away*, nang payuhan si Mama ni Aunt Dolly na tumungong evacuation center, sinabi ni Mama na sanay na sila sa mga bagyo at makakapal naman ang kanilang sementong dingding (Dayao at Santillan 2016, 29). Gayundin, isinasalaysay na nakatira ang mag-anak sa isang pulong palaging dindaanan ng mga bagyo, ngunit naramdaman nilang ligtas sila sapagkat nakatayo pa rin ang bahay matapos ang malaon nang pananalasa ng mga ito (Dayao at Santillan 2016, 30). Ipinapakita sa lokasyon at arkitektura sa kuwento ang ipinupunto ni Bankoff na ‘pagsasakaraniwan ng banta’ bunsod ng paghahabi ng posibilidad ng mga disaster sa pang-araw-araw na buhay sa lipunang Pilipino (2007, 26). Gayundin, ang parehong pamilya ay nasa gitnang-uri: makikita ang kapasidad na makapagpaaral ng anak, magpagamot sa hospital, at makabili ng bota at kapote (Dayao at Santillan 2016, 22-25), at makapagpundar ng bahay at makapag-ingat ng mga aklat, cellphone, at laptop (Dayao at Santillan 2016, 29-33). Sa pagtukoy ng teksto sa simula pa lamang ng kalagayan ng vulnerabilidad, nagkakaroon ng pagsasakonteksto ang buong kuwento kung bakit naganap o lumala ang pinsalang naidulot ng disaster.

Maliban sa paghihinuha sa heograpiya ng mga tagpuan, arkitektura ng mga tahanan, at panlipunang antas, mahalaga ring tingnan ang mismong mga 'lokalisadong gawain' sa pamayanan. Umuugnay, ayon kay Bankoff (2003, 102) ang mga nagbabagong klimatiko at pangkapaligirang salik, sa masasalimuot na paraan, sa mga pagbabagong dulot ng mga aktibidad ng tao upang mas malantad ang pamayanan sa panganib ng unos. Gayumpaman, tila isang tradisyonal na didaktikong formula na ang pagpupunto ng sanhi-bunga sa mga kuwentong nagtatampok ng tunggaliang tao-kapaligiran. Higit itong makikita sa *Noah and the Great Flash Flood,* kung saan ang pagpuputol ng puno, pagtatapon ng basura sa dalampasigan, pagtatapon ng mga pinagbalatan ng gulay sa sapa (napakakuwestiyonable nito—hindi ba't biodegradable ito at hindi masasabing nakakapagpabara ng daluyan ng tubig?), at pagtitimbon ng mga kalat sa lupa ay makikitang paglayo ng mga taong nawalan ng pakialam sa kanilang kapaligiran, kung kaya't isang delubyo sa pamamagitan ng flash flood ang magbubunsod sa kanila na magbalik-loob sa kalikasan (Zamora-Martinez at Doctor 2014, 6-13, 26-27). Bagama't hindi ipinakita bilang sanhi sa bahaging pre-disaster, ganito rin ang realisasyon ng mga taong nanatili sa evacuation center sa pamayanan nina Bituin: "dapat huwag putulin ang lahat ng mga puno sa bundok" at "hindi tayo dapat basta magtapon ng basura kahit saan para makadaloy nang maayos ang ilog" (Doyo at Abrera 2010, 16-17). Kinikilala ang ganitong tema ng "sanhi-bunga" ng "pagkawalay at pagbabalik-loob" ng tao sa katauhan ng Kalikasan sa mahabang tradisyong didaktiko sa mga kuwento, lalo na sa kuwentong pambata. Maaari pa itong iugat sa kuwentong-bayan ng diwatang si Mariang Sinukuan ng Bundok Arayat, kung saan ang pagkaganid at pag-abuso ng mga tao sa kalikasan ay nagbunsod sa "disaster" ng kadahupan ng mga likas na yamang mula sa ilahas. Isa sa mga unang aklat na nilabas ng Nutrition Center of the Philippines Publishing Corporation (na pag-uugatan ng kasalukuyang Adarna House) noong 1977 ay ang *Si Emang Engkantada at ang Tatlong Haragan* nina Rene Villanueva (may-akda), Alfonso Oñate, at Wilfredo Pollarco (mga tagaguhit), na nagtataglay ng tradisyong didaktiko hinggil sa pangangalaga ng kalikasan (Villanueva, Oñate, at Pollarco 1980; Alabado 1979, 219-222). Taglay din nito ang motif ng diwata ng kalikasan, na rito'y nagtuwid sa mga batang nagkakalat, naninira, at nagwawaldas sa pamamagitan ng pagpaparusa sa kanila hanggang sa makapagsisi. Gayumpaman, sa daloy ng pag-unlad ng mga akdang pambatang pumapatungkol sa disaster, sinubukan nang igpawan ang ganitong limitadong pananaw at nangangaral na tono ng pagkukuwento. Saksi rito ang mga akdang *Signal Number 3* at *Maria's Colorful Banca* na higit na nagtutuon sa usapin ng pakikiangkop, pagbangon, at muling pagbuo ng pag-asa para sa mga bata at pamayanang nakaranas ng malagim na disaster. Sa isang panayam sa may-akda ng *Signal Number 3,* si Luis P. Gatmaitan, ibinahagi niya ang paglihis niya sa tradisyong ito, na nagbunsod sa pagpapaunlad ng mga nasasaklaw na tema ng mga kuwentong pambata hinggil sa disaster:

> Sabi nila, ang bigat naman daw ng napili kong paksa para sa isang librong pambata. Pero naniniwala ako na kailangan natin ang ganitong mga paksa upang imulat ang mata ng mga bata na sila man ay hindi puwera sa ganitong pangyayari. Nais ko silang i-empower na may magagawa sila kapag nalagay sila sa ganitong sitwasyon. Mas pinili ko ang tema ng "coping" kasi ito naman ang haharapin ng mga bata sa mga susunod na araw sakaling makaligtas sila sa kalamidad. Kahit anong tree planting ang ating gawin, kung hindi pa nahihilom ang trauma ng bata sa katatapos ng trahedya, mananatiling panlabas lamang ang naging solusyon. Kailangang muling paamuin ang puso ng mga batang nawalan ng tiwala sa bahay na tinitirhan

> (na akala niya'y kanyang refuge pero nawasak din), mga batang matindi ang trauma kapag uulan nang malakas, mga batang nawalan ng minamahal dahil sa kalamidad. (Gatmaitan, panayam sa email, 8 Enero 2018)

**Resilience, Pag-asa, Pakikiangkop, Pagbangon: Habang at Pagkatapos ng Disaster**

Tulad ng naipunto ni Gatmaitan, nararapat na maipakita ang pagkakaroon ng pag-asa sa isang kuwentong pambata gaano pa man kadilim o kalagim ang kalagayang kinasasapitan ng mga protagonista nito. Kaiba ng tangkang pagtukoy sa vulnerabilidad na kinakailangan ng mga masalimuot na pag-uugnay (na mahirap para sa iba't ibang kuwentong pambata na may sari-sariling paraan ng paglalagay ng konteksto sa daloy), mas madaling maipunto ang aspekto ng resilience na sumasaklaw sa bahaging habang at pagkatapos ng disaster.

Gagamitin sa panunuring ito ang mga kategorya sa sikolohikal na pag-aaral ng pampamayanang resilience ng mga naapektuhan ng Ondoy sa Ateneoville Subdivision, Nangka, Marikina. Ipinupuntong ang pamapamayanang resilience (*community resilience*) ay maaaring layon o isang proseso patungo sa isang inaasam na layon (Adviento at de Guzman 2010, 104). Mula sa natukoy nang mekanismo ng pakikiangkop (*coping mechanism*) ng ilang dayuhang iskolar, natukoy naman nina Adviento at de Guzman ang ilang partikular na positibong katangian ng mga Pilipinong nakapanayam na kanilang taglay sa pagdanas ng disaster ng Ondoy. Kinikilalang nakasandig ang resilience ng mga tao sa mga positibong katangian ng *pakikibagay sa kalikasan*, *malasakit*, *bayanihan*, *tiwala*, *pag-asa*, *pagtitiis*, *pagkamasayahin at palabiro*, *lakas ng loob at tapang sa gitna ng takot*, *pagkamaparaan*, *pasasalamat*, at *pananalig sa Diyos* (Adviento at de Guzman 2010, 110). Sa pagpupunto naman ni Bankoff (2007, 28) ng pagsasakaraniwan ng banta at mga kultura ng disaster at pakikiangkop (*coping*), tinukoy niya ang ilang katangian ng emosyonal at sikolohikal na adaptasyon: ang konsepto ng *bahala na* (maiuugnay sa lakas ng loob at tapang sa gitna ng takot sa halip na sa fatalismo), mga elemento ng *pananampalataya* at *pananalig* sa kapangyarihan ng divinidad, *bayanihan* (lampas pa ito sa kahulugan ng "pagkakaisa"/ *unity* o "pagsasama-sama"/ *togetherness* sapagkat taglay ang konotasyon ng parehong pagkakakilanlan at ugnayan), *pakikipagkapwa* at *pakikisama* (na kaugnay ng *bayanihan* hinggil sa pagpapahayag ng pagiging nasa iisang pamayanan), at pagiging *masayahin* at *palabiro* (*sense of humor*).

Gamit ang mga positibong katangian nito mula sa tunay na karanasan, makikita ang pagsasalimbayan, talaban, at kompirmasyon ng piksyon sa realidad. Sa talahanayang ito, makikita sa deskripsyon at maiikling sipi mula sa mga picturebook ang pag-uugnay ng kuwento sa mga kategorya ng positibong katangian. Mapapansin ding maaaring higit sa isang katangian ang nakapaloob sa mga piling deskripsyon at sipi, kung kaya maaari itong muling maihanay.

Tal. 1. Mga “positibong katangian” (*positive characteristics*) na makikita sa naratibo ng mga piling picturebook hinggil sa hazard/ disaster ng bagyo

| **Positibong Katangian (Adviento at de Guzman, 2010)** | ***Bituin and the big flood* (2010)** | ***Signal Number 3* (2014)** | ***Noah and the Great Flash Flood* (2014)** | ***Maria’s Colorful Banca* (2014)** | **“The Typhoon that Swept Us Away,” sa *What Happens in Disasters* (inilunsad 2016)** |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pakikibagay sa kalikasan** | “We will go to a place where we could be safe” (8) | “‘Nararamdaman daw ng mga langgam ang paparating na pagbaha kaya minamabuti nilang umakyat pataas’” (5); “‘Ay, mas nararamdaman daw ng mga hayop kung ano ang nangyayari sa lupa’” (5) | “Quickly, the barrio people ran fast enough to escape the surging waters of the flood. They climbed the remaining trees they did not cut down before” (21) | | |
| **Malasakit** | “‘Let us save the puppy!’” (10); “Also in the banca was a piglet” (10) | “‘Mas mahalaga rin po ang buhay nina Duke at Mash kaysa mga kasangkapan, di po ba?’” (18); “Namigay pa siya ng kendi sa aming lahat” (18); “Sa ilang saglit ay inihagis na nina Tatay at Tatang Piding ang lubid. ‘Dito, pare! Kumapit ka sa lubid! Bilis! Akyat na, pare! Iabot mo muna sa akin ang bata!’ sigaw ni Tatay” (20); “Ilang kapitbahay pala ang nagmagandang-loob na inilikas ang mga kamag-anak tungo sa mataas na lugar” (26) | | “We helped our neigbors fix their things” (17); “A few days after the storm some children from another town heard about what happened to my family and our banca. They wanted to help. They wanted to give us a new, colorful banca. They opened their piggy bank and counted all the money” (18) | “Aunt Dolly said, ‘Come and stay with me. My home is your home’” (38) |
| **Bayanihan** | “… [P]eople were waving from their rooftops, asking | “‘Tumulong tayo sa ating mga kapitbahay’” (22) | “As the people worked to fix the ruins of their | “The kids asked a carpenter to make a little banca… | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | for help. Rescuers came riding on bamboo rafts used for fishing" (12) | | barrio, wise old Mang Benito said, 'Starting today, we must learn to throw our trash in its proper place. We must stop chopping down trees, and we must plant new ones'" (26) | When he was done, the kids painted the banca" (20) | |
| **Tiwala** | "People were helping one another, holding on to one another, protecting one another from flying objects and the strong flow of the flood waters" (12) | | | | |
| **Pagtitiis** | "She wanted to eat rice but there were only biscuits, bread and water bottles" (20) | "Malalim na ang gabi. Hindi pa rin humuhupa ang pag-ulan" (18); "Pero bilin ni Tatay, huwag kaming patatalo sa aming nararamdaman. Pansamantala lang daw ang lahat ng ito" (30) | | "Our house and those of our neighbors' were destroyed. Almost our whole island was filled with fallen coconut trees. I couldn't go to school for days" (15) | "After the typhoon, there was very little food to eat and water to drink on the island" (37) |
| **Pagkamasayahin at palabiro** | "She was very happy that they were all together and going home" (22) | | "Since then, everybody was happy to hear Noah's stories about the greatest part of his day, because it was a good reminder to the people that their barrio was a clean, safe, and wonderful place to live in" (30) | "These [seafood] were all gathered by tatay earlier with our new banca. I can tell that he is very happy" (22) | |
| **Lakas ng loob at tapang sa gitna ng takot** | "'Don't be afraid'" (6); "'Be brave'" (6) | "'Lakasan n'yo ang loob n'yo. Malalampasan natin ito!" (14) | | "'Don't be afraid, you have to be brave.' Tatay said" (13) | |
| **Pagkamaparaan** | "Nanay put Ping in the big basin used for washing clothes" (8); "Others rode on rafts made of | "Isang lalaki ang tinatangay ng agos malapit sa amin. Pasan nito sa likod ang isang batang babae, nakakapit sila sa | | | "At night, they all gathered coconut leaves and made shelters because the evacuation center was already full" (37) |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | banana trunks" (12) | lumulutang na troso" (20) | | | |
| **Pasasalamat** | "Tatay and nanay thanked those who kept them safe during the night and those who provided food and drink during their short stay" (22) | "'Salamat po, Diyos ko,' taimtim na usal ni Nanay" (26) | | "'Thank you so much,' I said gratefully" (20); "'Thank you very much for sharing with us,' he said. 'We are thankful for Maria's colorful banca'" (22) | "'Bert! Thank goodness you are alive!' cried Mama" (35); "Mama's eyes filled with tears. She gratefully accepted Aunt Dolly's invitation" (38) |
| **Pananalig sa Diyos** | "Others were praying" (16); "'Thank God, we can go home now'" (20) | "'P-Pero may awa ang ating Diyos" (17) "'Hindi tayo papabayaan ng Diyos'" (18) | | "'Lord, please protect us,' we prayed,' we prayed. We all held on tight together and continued to pray as the winds blew and the rains lashed around us" (13) | |

Bilang pagtatasa, makikitang may papel ang vulnerabilidad at resilience sa mga bahagi ng banghay ng mga kuwentong pambata. Ilang batis ang maaaring tingnan hinggil sa pagbabalangkas ng kuwentong pambata, tulad ng kay Rene Villanueva, Eugene Evasco, at Cheryl B. Klein. Pananaw-tatluhan ang iminumungkahi nina Villanueva at Evasco, kung saan mas sumandig si Villanueva sa tradisyonal na pagbabalangkas ng kuwento sa kaniyang balangkas na "mithi-balakid-kapalaran" (sipi sa Evasco 2006, 109), samantalang mas idiniin naman ng mungkahi ni Evasco sa isang presentasyon sa klase ang usapin ng espasyo sa kaniyang ipinapanukalang "tahanan-labas-tahanan". Kay Klein, nagbatay siya sa kilalang piramide ng drama ng Alemang dramatistang si Gustav Freytag (*introduction - rise - climax - return/ fall - catastrophe*) (Freytag at MacEwan 1900, 116-115). Tinukoy niya ang mga kaganapang pambalangkas na maaaring gamitin sa mga nobela o kuwentong pambata o young adult: *inciting incident* ("exciting moment/ force" para kay Freytag) - *escalating/ complicating action* - *climax* - *resolution* (Klein 2016, 164-165).

Makikita na ang balangkas-sa-realidad na *bago*, *habang*, at *pagkatapos* ng disaster na ginagamit sa mga pag-aaral at usapin ng paghahanda, pagresponde, at sitwasyong pangkagipitan (emergency situation) at pandisaster, ay lumilitaw din sa anyo ng daloy ng mga naturang kuwentong pambata. Sa puntong ito, nililinaw na ang *disaster* dito ay ang mismong pananalasa ng bagyo o baha. Preliminaryong matatasa ang anyo ng daloy sa mga sumusunod:

**1. Bago ang disaster**: Sa usaping pang-espasyo, masisilayan dito ang pananatili ng mga protagonista sa *tahanan*, ang kanilang comfort zone. Maaaring may *foreshadowing* na ng magaganap na disaster ngunit isinasantabi ito ng tauhan o naratibo (tingnan ang unang bahagi ng *The Typhoon that Swept Us Away*). Kadalasan ding makikitaan ang bahaging ito ng paglalatag ng mga aspekto ng vulnerabilidad ng tampok na pamilya o pamayanan. Upang mapanindigan ang

makakalikasan nitong pangangaral, ididiin sa *Noah and the Great Flash Flood* ang lokalisadong gawain ng mga tao na sumisira sa kapaligiran at magbubunsod ng vulnerabilidad nila sa disaster. Ipinapakita rito ang *mithi* ni Noah na panatilihing mayaman at mabunga ang kaniyang kapaligiran laban sa *balakid* ng mga mapang-abusong tagapamayanan. Ang pagdating ng hazard (tulad ng malakas na ulan) at ang sunod na pamiminsala nito ang masasabing *inciting incident* o *exciting moment/ force,* na gugulo sa status quo ng *tahanan* at maghihimok sa tauhan na makisangkot o kumilos (Klein 2017, 167).

**2. Habang nagaganap ang disaster**: Makikita rito ang *pagpapalabas* ng protagonista sa sarili nitong *tahanan* sa pamamagitan ng disaster. Sa *Signal Number 3,* makikitang nakalangkap ang *escalating/ complicating action* patungong *climax* sa bahaging ito. Mula sa bahang umabot hanggang ikalawang palapag ng bahay hanggang sa pagsalba sa isang mag-amang inaanod ng baha, sunod-sunod ang maiigting na tagpo. Makikita rito ang mga *balakid* at pagpapasya na ginagawa ng mga tauhan upang malampasan ang unos. Kadalasan, ang kaigtingan ng disaster ng bagyo ang maituturing na *kasukdulan* o *climax.* Matatagpuan dito ang mga pangunahing elemento ng aksyon (ang Tao at Kalikasan) na pinagharap-harap sa isang krisis at kalauna'y ireresolba (Klein 2016, 193). Sa harap ng matinding pananalasa ng bagyo, lumilitaw ang mga *positibong katangian,* kung saan makikitang hindi lamang nananatili sa pisikal na pakikipagtunggali kundi emosyonal at mental na rin, hanggang sa matapos ang unos. Tulad ng naipunto ni Gaillard (2007, 523) na dalawang kahulugan ng 'resilience,' ang tema ng resilience sa bahaging ito ay nagdidiin ng "pagsalungat/ pagtanggi/ paglaban/ katatagan" sa anomang nagaganap na hamon, banta at pinsala ng disaster.

**3. Pagkatapos ng disaster**: Kung titingnang sentral ang kaigtingan ng disaster bilang *kasukdulan* (climax) ng mga kuwento, makikitang taglay ng bahaging ito ang *kakalasan* (falling action). Sa balangkas ni Villanueva, kung *balakid* ang disaster sa pagkakaroon ng matiwasay na inog ng buhay ng mga tauhan, ang bahaging ito ang magiging *kapalaran.* Masisilayan dito ang mga *positibong katangian* na kinasangkapan ng mga tauhan upang "makabangon at makiangkop" (ang ikalawang kahulugan ng resilience, nasa Gaillard 2007, 523). Sa tradisyon ng tunggaliang tao-kalikasan, makikitang ito ang bahagi ng "pagbabalik-loob" (o kung sa balangkas ni Evasco, *pagbabalik-tahanan*) sa kalikasan. Masisilayan ang realisasyon ng mga tao sa pamayanan na nararapat na iwasan ang kanilang mga lokalisadong gawain na sumisira sa kapaligiran. Sa bahaging ito, dulot ng malagim (at mapagbagong) kasapitan sa panahon ng disaster, litaw na litaw ang mga pagbabago at kaibahan sa kilos ng mga tauhan, gayundin ang hitsura ng kanilang kapaligiran— ang katangiang inaasahan sa mainam na *resolusyon* (Klein 2016, 196).

Gayumpaman, mayroong flexibilidad sa pagtukoy ng mga susing bahagi ng kuwento. Maaaring ituring ang disaster hindi bilang *kasukdulan* kundi bilang sangkap ng *tunggalian* o *papasidhing aksyon*, kung saan *minimithi* ng pamayanan ang pagbangon mula sa pinsalang pisikal at emosyonal na dulot nito. Sa *Signal Number 3,* isang mahabang paglalahad ng tunggalian ang naganap noong manalasa ang bagyo; maituturing na *kasukdulan* ang paghupa nito kung saan mapagtatanto na ng pamilya ang gahiganteng kabuuan ng malagim na pinsala sa kanila at sa pamayanan, at ang *kakalasan* patungong *resolusyon* ay makikita naman sa pagdating ng tulong mula sa labas ng bayan, pakikipagkaibigan, at patuloy na pagpapatatag ng loob sa pamamagitan

ng mga *positibong katangian* tuwing may nagbabadyang bagyo. Sa *Maria's Colorful Banca,* naging daan lamang ng *tunggalian* at *papasidhing aksyon* ang bagyo bilang likas na hazard upang maidiin ang mas espesipikong "disaster" na magsisilbing *kasukdulan*: ang pinsala ng bagyo na sumira sa bangka nina Maria na nagpatigil sa kabuhayan ng kaniyang ama at sa kaniyang madalas na pag-aaliw sa mga bakawan gamit ang bangka. Ito ang nagsilbing *balakid*, na masosolusyunan sa pamamagitan ng pagtulong-tulong ng ibang batang tagaibang-bayan upang magkaroong muli si Maria ng "makulay na bangka".

## Mungkahi ng Pagpapaunlad

Batay sa pagbasa ng mga nailathala nang akda hinggil sa hazard at disaster ng mga bagyo sa bansa, narito ang ilang mungkahi ng pagpapaunlad para sa mga nagnanais na magsulat sa paksang ito.

1. Tingnan ang bata bilang mga may-alam at tagaganap sa paghubog ng kamalayan at kaalamang pandisaster, sapagkat sila rin mismo ang nakararanas nito. Sa lilim ng lente ng vulnerabilidad, nararapat na bigyang-tinig ang mga bata sa harap ng disaster sa halip na ituring lamang silang mga abang basang-sisiw na dinaanan ng unos. Nararapat na pakinggan ang kanilang mga kuwento ng pagdanas ng kalamidad at pagbangon mula rito upang magsilbing halimbawa ng resilience sa ibang mga batang mambabasa. Isa itong inisyatiba ng *Save the Children* sa kanilang nailathalang pag-aaral hinggil sa mga bata, disaster, at pagbabagong-klima sa Timog Silangang Asya (Chaimontree 2010, 4).

Makapangyarihan ang aksyon ng mga bata sa ilan sa mga kuwento: ang mga tagaibang-bayang bata na tumulong na mabigyan ng bangka ang pamilya ni Maria*;* ang kaalaman ni Yani sa paghahanda para sa mga pangkagipitang sitwasyon, na nakpagsalba ng buhay ng mag-amang inanod ng tubig; at ang pagtatangka ni Noah na pagsabihan ang mga tagabaryo (bagama't lagi siyang itinataboy) at ang kaniyang papel sa pagpapabatid sa mga tagabaryo sa paparating na flash flood. Gayumpaman, isang kapuna-punang bahagi sa *Bituin and the Big Flood* ang ilustrasyon ng pagsi-*sitting pretty* lamang nina Bituin at Ping sa gitna ng mga tagapamayanan na abala sa paglilinis ng kalat, pagbubungkal ng lupa, pagtatanim, at pag-aayos ng bahay (Doyo at Abrera 2010, 18-19). Salungat ito sa sinasabi ng teksto: "The children must help too"/ "Kahit ang mga bata ay tutulong din" (Doyo at Abrera 2010, 18).

2. Nararapat na magkaroon ng simpatiya ang ibang bata sa mga naapektuhang bata sa mga kuwento. Ang ganitong pagkurot sa damdamin ng bata upang tumulong ay makikita sa karakter ng mga batang taga-ibang bayan na napanood ang sinapit nina Maria at nagbutas ng kanilang mga alkansiya upang maipambili nila ng bangkang pamalit sa sinira ng bagyo. Maaaring maging lunsaran ito ng pagbabahagi ng pag-asa at ensayo ng pakikipagkapwa at pagtulong. Maaaring bansagan itong "didaktiko," gayumpaman, hindi naman maihihiwalay ang "moralistikong pananaw" sa panitikan: ang "nagpapahalaga sa bunga ng akda sa buhay ng tao, ang ugnayan ng teksto sa aktuwal na karanasan ng mambabasa" (Reyes 1994, viii). Didaktiko man ang layunin, hindi nito nararapat na isantabi ang kasiningan, na maaaring mapalitaw sa pamamagitan ng "husay (craft) ng pagkakasulat" (Evasco 2011, 125) Ang iminumungkahing pagtulong (ayon nga sa isang islogan noong disaster ng Yolanda, *Tulong na, Tabang na*), pakikipagkapwa, at ekstensyon ng

pagpapakatao bilang "moralistikong" bisa at talab ng panitikang pambata hinggil sa disaster ang kailangang isatitik ng mga manunulat. Hihigitan nito ang gasgas na't tila sirang-plakang moral ng hindi pagtatapon ng balat ng kendi o pagpitas ng bulaklak sa parke o pagputol ng puno upang hindi maghasik ng poot ang Kalikasang inabuso ang taglay na kabanalan.

3. Isang masasabing kakulangan sa mga akdang pambatang ito ay ang pagtatampok ng katotohanang malaki ang nagiging papel ng mga lokal/ pambansa/ multinasyonal na mga korporasyon, kompanya, at industriya sa pagpapaigting ng disaster risk at vulnerabilidad ng mga pamayanan. Taglay ng didaktisismo ng *Bituin and the Big Flood* at *Noah and the Great Flash Flood* ang pagkukulong lamang sa tampok na pamayanan (lipunan) ng sanhi-at-bunga: silang mga naapektuhan ng disaster ang siyang may responsibilidad na ituwid ang kanilang pagkakamali, tulad ng labis na eksploytasyon ng mga likas na yaman at/o kulang na pagpapayabong at pagpapabuti nito. Walang mababasang pasaring o pagtuligsa sa mga korporasyon, kompanya, at industriyang malawakang pumuputol ng mga puno at kumakalbo ng kalikasan, nagtatapon ng mga basura't kemikal sa mga anyong tubig at daluyan na nakakapagpaigting ng baha, nagpapadumi ng hangin sa pamamagitan ng mga usok na nagpapalala ng pagkabutas ng ozone layer at nagpapataas ng carbon footprint—silang sistematikong nagdudulot ng polusyon na nakakapagpataas ng vulnerabilidad ng mga pamayanan sa harap ng mga likas na hazard.

Masasalamin sa ganitong puwang ang isang historikal na realidad sa panitikang pambata na pinag-ugatan ng ganitong tema. Sa *Si Emang Engkantada at ang Tatlong Haragan* (1977), mababasa ang didaktikong paghuhubog sa pasaway na ugali nina Pol Putol, Paz Waldas, at Pat Kalat upang maging mga makakalikasan at maka-kapaligirang bata, sa ilalim ng nagtutuwid na si Emang Engkantada. Sa panunuri ng ilustrasyon at teksto, mababasa na sinasalamin nito ang noo'y proyekto ng pagpapalawig, pagpapaganda, pagpapaunlad, at "pagpapaging-makatao" ng Kalakhang Maynila ng dating Unang Ginang Imelda Marcos, sa lilim ng "the good, the true, the beautiful" (Chua 2012, 387-391). Bagama't makikita rito ang merito ng pagtuturo sa bata at pamayanan (na kung gayo'y nasa antas micro) ng mga asal at gawi sa pagpapabuti ng kapaligiran upang hindi maranasan ang kahindik-hindik na sitwasyon sa mga tambak ng basura, kawalan ng kuryente, at kadahupan ng maiinom na tubig, kakaligtaan nito (kung hindi man tahasang iiwasan) ang realidad sa antas macro ng nagaganap na korapsyon sa malakihan at malawakang eksploytasyon ng likas na yaman sa panahon ni Pang. Marcos, tulad halimbawa ng mga konsesyon sa pagtotroso sa bisa ng "timber licenses agreement" sa ilalim ng Revised Forestry Code (1975). Isang halimbawa rito ang kaso laban sa mag-amang Alfonso Lim Sr. at Alfonso Lim Jr., ng Taggat Industries, Inc. at Pamplona Redwood Veneer, Inc., kung saan maliban sa pagkakaroon ng sobra-sobrang konsesyon sa pagtotroso sa Cagayan, ay napahintulutan din ni Pang. Marcos na pumutol at mag-eksport ng ilang punong Narra at Amaciga ("Republic of the Philippines v. Estate of Alfonso Lim, Sr." 2009; Manapat 1991, 167-168). Mayroon namang siyam na kompanyang nakaugnay kay Juan Ponce Enrile noong panahon ng diktaduryang Marcos (Manapat 1991, 169). Mula 1978 hanggang 1982, nakapag-eksport ang Pilipinas ng 8.163 milyong metrong kubiko ng troso sa Korea, Taiwan, at Japan, kung saan tinatayang kalahati rito ang ilegal na inilabas ng bansa (Manapat 1991, 166).

Sa kasalukuyang trend ng panitikang pambata, hindi na "nakakatakot" na isyu ang pagsusulat nang may tonong pampolitika. Isang pangmamaliit sa talino at kakayanan ng batang mambabasa ang hugasan ang mga akda ng anomang bahid ng politikal na tindig. Masyado bang mahirap na unawain na malaki ang pananagutan ng mga korporasyon ng pagtotroso sa kasalukuyang pagkasira ng mga kagubatan? Isang akda na ang tumalakay sa pangangamkam ng pribadong nagmiminang pangkat sa pamumuno ni Don Enriquez sa mga lupang ninuno ng mga T'boli sa *A Dream and A Melody* (Santos-Gerodias at Solina-Wolf 2010). Maging ang kalituhan at pagsusumamo ng sibilyang bata na naipit sa digmaan ay inilahad na rin sa *War Makes Me Sad* (Floresta at Blu 2003). Nariyan din ang kalalabas lamang nitong 2017 na mga *Aklat ng Salin* ng Adarna House, *Ito ang Diktadura* at *Mga Uring Panlipunan.* Tinatalakay nito ang mga naturang pampolitikang ideya na hinango mula sa mga orihinal na aklat pambata ni Equipo Plantel ng La Gaya Ciencia sa post-Francong España (Bueno 2017). Isang kalipunan ng mga radikal na akdang pambata ang nasimulan nang proyekto nina Eugene Y. Evasco at Segundo Matias, Jr., ngunit maaaring malaman ang ilang mga akdang pambatang tumatalakay sa mga isyu ng child labor, usaping pangkasarian, sexual harassment, digmaan, at kahirapan sa ilang artikulo ni Evasco (2011, 113, 134-135; 2012, 132).

4. Paunlarin ang panitikang pambata sa Filipino gamit ang pagsulat sa wikang Filipino. Karamihan sa mga akdang itinatampok ay nakasulat sa dalawang wika, na maaaring magmungkahi ng mas malawak na audience at bakas ng pagsunod sa "pormula ng mga bumebentang aklat" (Evasco 2012, 130). Sa iba't ibang pamayanan sa Pilipinas, makikita ang iba't ibang kaugalian, pananaw, at persepsyon sa mga bagyo. Maaaring tawaging *anyín* at *bajú* ang bagyo; *korán, orán, timúy, údan, udán, urán,* at *utsán* ang ulan; at *adáy, áddog, ádong, dagú-ëb, dagú-ob, dalëgdëg, dúldog, kidó, kidól, ragurúg, rágurúng,* at *taglógong* ang kulog (*Patnubay sa Weder Forkasting* 2014, 18, 48, 67). Maaari ring tuklasin ang iba't ibang paniniwala, pamahiin, at kaalamang bayan hinggil sa bagyo. Ano nga ba ang mga kuwento nina Anitun Tabu (diyos ng hangin at ulan sa Tagalog), Sarakaganka Bagyo (diyos ng bagyo sa Bisaya), Litik (diyos ng kulog sa T'boli), Upa Kuyaw (diyos ng kulog sa Palawan), Galurá (tagapagdala ng bagyo sa Kapampangan), at Puwok (nilalang na may hawak ng bagyo sa Ifugaw) (*Patnubay sa Weder Forkasting* 2014, 34)? Ang pagtuklas din sa mga "pangkulturang interpretasyon" at persepsyon ng iba't ibang pamayanan sa hazard at disaster ay isang paglolokalisa ng paghahanda, pag-angkop at pagbangon, na makakatulong sa kooperasyong pamahalaan/ institusyon- pamayanan/ pamilya/ indibidwal sa usapin ng disaster preparedness, management at relief (Bankoff 2004, 91). Maliban sa paggagalugad ng mga bokabularyo at masining na pagsasalansan ng mga salita at kaganapan gamit ang mayamang kaban ng wikang Filipino, mayroon pang maitutulong ang pananatili sa wikang Filipino upang pataasin ang kalidad ng mga ilustrasyon. Mapapansing ang pagkonsidera ng pinag-aralang picturebooks (na nasa dalawang wika) ay nagbubunsod sa pagkain ng teksto mas maraming espasyo (kung gayo'y, *text-heavy*) na sana'y mailalaan sa pagpapaunlad ng mga ilustrasyon. Mayroon na rin namang bilingual na akdang pambata na mahusay na pinagsalikop ang teksto at guhit, ang *Araw sa Palengke* (2008) at *Here Comes the Rain* (2011) (Evasco 2011, 127). Mula sa mga halimbawa na ito, mapapausbong ang isa pang mungkahi. Dahil "wala naman talagang 'kuwento' ang dalawang aklat na ito, kung gagamiting panukat ang tunggalian (conflict) bilang element ng naratibo" (Evasco 2011, 127), maaaring ipanukalang gamitin ang ideya ni Bankoff (2007, 26) ng "*living with risk, coping with disasters*," "pagsasakaraniwan ng banta" (normalization of threat),

at “kultura ng pakikiangkop”— sa maikling salita, ang mga hazard at disaster bilang pang-araw-araw na buhay sa lipunang Pilipino. Maaaring baguhin ang pananaw sa disaster na palasak na tinitingnan bilang ikutang pangyayari sa mga akdang pambata. Sa halip na romantisasyon na umiikot lamang sa sentro-de-gravedad na mapinsalang “kaganapan” ng disaster, nararapat na idiin ang mga salik ng vulnerabilidad ng isang pamayanan, ang paghahanda sa mga bagyo bilang pang-araw-araw na buhay, at ang pakikipagtunggali-sa-pinsala, pakikiangkop at pagbangon.

## Konklusyon

Umuugat ang pagsibol ng mga akdang pambata hinggil sa disaster sa panahong tumatak sa gunita ng mga sinalanta ang malaking pinsala, na mahihinuhang hindi lamang dahil sa pananalasa ng mga bagyo, kundi sa magkakaugnay na salik ng risk, hazard, vulnerabilidad, resilience, at mekanismong pang-angkop. Maari mang sabihing ambivalente, mahalaga ang naging papel ng administrasyong Aquino upang idiin ang ganitong masaklap na realidad. Naging lunsaran ang larangan ng panitikang pambata, sa anyo ng mga picturebook at aklat impormasyonal upang mulatin at ipaunawa sa mga bata ang mga katunayan ng panganib, kagipitan, at disaster, kung saan sila mismo ay maaaring maging aktibong kalahok, sa halip na pasibong tagatanggap lamang, sa pagpapalawig ng kaalaman, kamalayan, at kasanayang pangkapaligiran at pandisaster, upang maiwasan, mabawasan, mapahina, at/o makaalwan mula sa mga pinsala at posible pang panganib na dulot ng mga bagyo.

## Pagkilala

Malaki ang pasasalamat ng may-akda kay Dr. Ma. Florina Orillos-Juan sa malaking ambag sa papel na ito (sa pamamagitan ng suportang akademiko at patuloy na paghihikayat). Gayundin kay Dr. Luis P. Gatmaitan na nagpaunlak ng pagsagot sa ilang mahahalagang tanong hinggil sa akdang *Signal Number 3.*

## Talasanggunian

Adviento, M. L. G. at Guzman, J. M. de (2010). “Community Resilience: During Typhoon *Ondoy:* The Case of Ateneoville.” *Philippine Journal of Psychology*, 43 (1), 101-113.

Alabado, C. S. C. (1979). *Writing for Children in the Philippines and the Third World.* Lungsod Quezon: JMC Press, Inc.

Almario, V. S. (2015). “Paunang Salita.” Nasa *Patnubay sa Weder Forkasting*, 2. Lungsod Quezon at Maynila: Department of Science and Technology (DOST)- Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

Bankoff, G. (2003). “Constructing Vulnerability: The Historical, Natural and Social Generation of Flooding in Metropolitan Manila.” *Disasters*, 27 (3), 95-109.

—— (2004). "In the Eye of the Storm" The Social Construction of the Forces of Nature and the Climactic and Seismic Construction of God in the Philippines." *Journal of Southeast Asian Studies,* 35 (I), 91-111.

—— (2007). "Living with Risk; Coping with Disasters: Hazard as a Frequent Life Experience in the Philippines." *Education about Asia*, 12 (2), 26-29.

Burks, F. W. (may-akda) & Heyer, H., Horter, E., at Peters, G. W. (tagaguhit) (1921). *Barbara's Philippine Journey*. New York: World Book Company.

Bueno, A. (2017, Hulyo 28). "'Ito ang Diktadura': How a children's book explains social injustice." *CNN Philippines,* isinangguni 22 Enero 2018. http://cnnphilippines.com/life/culture/literature/2017/07/28/aklat-ng-sakin-adarna-house.html

Cabacungan, G. C. (2015, Setyembre 13). "COA cites DSWD's epic failure in relief work." *Inquirer,* isinangguni 21 Enero 2018. http://newsinfo.inquirer.net/721570/coa-cites-dswds-epic-failure-in-relief-operations

Castillo, L. M. S. (2013). "The Protester as Trickster in the Theater of Dissent: Planking and Noynoing and the Performativity of Protest." Nasa Lumbera, B., Taguiwalo, J., Tolentino, R. B., Lanuza, G., at Campoamor, G. II (pat.), *Salita ng Sandata: Bonifacio's Legacies to the People's Struggles,* 75-84. Lungsod Quezon: IBON Foundation, Inc.

Chaimontree, W. A. (2010). *Living with disasters and changing climate: Children in Southeast Asia telling their stories about disaster and climate change*. Bangkok: Save the Children.

Chua, M. C. B. (2012). "Imelda/Maynila: Isang Panimulang Pagtingin sa Pag-iiba ng *Landscape* at Kapangyarihan ng Metropolitan Manila ayon kay Unang Ginang Imelda Romualdez-Marcos." Nasa Navarro, A. M., Orillos-Juan, M. F. Y., Reguindin, J. S., at Elumbre, A. L. (pat.), *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo,* 377-405. Lungsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan para sa UP Lipunang Pangkasaysayan.

Citizens' Disaster Response Center (2010). *Philippine Disaster Report: Disaster Statistics 2010*. 13 pah.

—— (2011). *Philippine Disaster Report 2011*. 14 pah.

—— (2012). *2012 Philippine Disaster Report*. 13 pah.

—— (2013). *2013 Philippine Disaster Report*. 9 pah.

—— (2014). Philippine Disaster Situation 2014: Understanding the Root Causes of the Country's Vulnerability to Disasters. 6 pah.

Corrales, N. (2014, Enero 23). "Aquino draws 'very good' satisfaction rating from 'Yolanda' victims –SWS." *Inquirer,* isinangguni 21 Enero 2018. http://newsinfo.inquirer.net/568215/aquino-draws-very-good-satisfaction-rating-from-yolanda-victims-sws

Cruz, R. G. (2014, Enero 27). "PNoy critics want to investigate SWS survey on 'Yolanda'." *ABS-CBN News*, isinangguni 21 Enero 2018. http://news.abs-cbn.com/nation/01/27/14/pnoy-critics-want-investigate-sws-survey-yolanda

Dayao, D. (may-akda) & Santillan, R. III (tagaguhit) (w.p.).*What Happens in Disasters! A Compilation of Real Accounts from Survivors of Different Natural Disasters*. W.l.: Department of Education at Japan International Cooperation Agency.

De Leon, J. I. B. (2018). "Pagpaplanong Pangwika tungo sa Pagpapaunlad ng Filipino: Ang Pakikibahagi ng *Patnubay sa Weder Forkasting* sa Modernisasyon ng Wikang Pambansa." Rebyu para sa *Saliksik E-Journal* 7 (1). Hindi pa nailalathala.

Dinglasan, R. R. (2014, Setymebre 7). "Thousands of DSWD food packs for Yolanda relief lost to spoilage- COA." *GMA News Online*, isinangguni 21 Enero 2018. http://www.gmanetwork.com/news/news/nation/378162/thousands-of-dswd-food-packs-for-yolanda-relief-lost-to-spoilage-coa/story/

Doyo, M. C. P. (2009, Disyembre 2009). "Human Face: A gift of story." *Philippine Daily Inquirer*, isinangguni 21 Enero 2018. http://www.pressreader.com/philippines/philippine-daily-inquirer/20091231/283622461211516

Doyo, M. C. P. (may-akda) & Abrera, J. (tagaguhit) (2010). *Bituin and the Big Flood*. Lungsod Pasig: Anvil Publishing Inc.

Emergency Research Center, Inc. (may-akda) & Sunga, R. (tagaguhit) (2013). Let's Get Ready: Emergency Awareness for Kids. Mandaluyong: Anvil Publishing, Inc.

"Environmental Awareness and Education Act of 2008" (2008, Disyembre 12). Republic Act No. 9512. *Official Gazette*, isinangguni 21 Enero 2018. http://www.officialgazette.gov.ph/2008/12/12/republic-act-no-9512/

Evasco, E. Y. (2006). "Mga Hamon at Suliranin sa Pagsulat ng Kuwentong Pambata." Nasa Antonio, L. F., Iniego, F. A. Jr., at Tangco, R. D. (mga pat.), *E-mahinasyon at E-salin: Mga malikhaing pamamaraan sa pagsusulat at pagsasalin*, 103-128. Lungsod Quezon: Bahay ng Wikang Filipino, Ink. at Sentro ng Wikang Filipino.

—— (2011). "Pag-akda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin at Estetika sa Panitikang Pambata ng Pilipinas." *Humanities Diliman*, 8 (2), 105-144.

—— (2012). "Ang Ikatlong Dekada: Ang Sitwasyon at Mungkahing Pagpapaunlad ng Panitikang Pambata sa Pilipinas (2000-2009)." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 18 (1-2), 128-162.

Evasco, E. (may-akda) at Cultura, L. (tagaguhit). (2006). *Mariang Sinukuan: Ang Diwatang Tagapag-ingat ng Bundok Arayat.* Lungsod Quezon: LG&M Corporation.

Floresta, M. A. O. (may-akda) at Blu, B. (tagaguhit) (2003). *War Makes Me Sad.* Lungsod ng Kidapawan: ABC Educational Development Center.

Francia, E. L. at Francisco-Francia, M. (may-akda) & Aquino, R. at Perez, J. Y. (tagaguhit) (2014). *Maria's Colorful Banca*. Pilipinas: ELouise Publications.

Freytag, G. (may-akda) at MacEwan, E. J. (tagasalin) (1900). *Freytag's Technique of the Drama: An Exposition of Dramatic Composition and Art.* Chicago: Scott, Foresman and Company.

Gaillard, J. C. (2007). "Resilience of traditional societies in facing natural hazards." *Disaster Prevention and Management* 16 (4), 522-544.

Gatmaitan, L. P. (may-akda) & Amar, J. (tagaguhit) (2014). *Signal Number 3*. Mandaluyong: OMF Literature, Inc.

Gatmaitan, L. P. (2018, Enero 4 at 8). Panayam sa email.

Guillermo, R., Cajote, R., at Logronio, A. (2015). "UP Diksiyunaryong Filipino: Sinonismong Walang Hangganan." *Daluyan*, Espesyal na Isyu (2), 54-71.

Hegina, A. J. (2014, Setyembre 9). "DSWD admits P2.8M worth of relief goods for 'Yolanda' survivors spoiled." *Inquirer,* isinangguni 21 Enero 2018. http://newsinfo.inquirer.net/636419/dswd-admits-p2-8m-worth-of-relief-goods-for-yolanda-survivors-spoiled

Klein, C. B. (2016). *The Magic Words: Writing Great Books for Children and Young Adults.* New York: W. W. Norton & Company, Inc.

Luistro, A. A. (w.p.). "Foreword." Nasa Dayao, D. (may-akda) & Santillan, R. III (tagaguhit),*What Happens in Disasters! A Compilation of Real Accounts from Survivors of Different Natural Disasters*, iii. W.l.: Department of Education at Japan International Cooperation Agency.

Manapat, R. (1991). *Some are Smarter than Others: The History of Marcos' Crony Capitalism.* New York: Aletheia Publications.

Montenegro, B. (2015, Hulyo 27). "The Aquino administration's disaster preparedness: How far have we come?" *GMA News Online*. Retrieved November 9, 2017, from http://www.gmanetwork.com/news/scitech/science/529130/the-aquino-administration-s-disaster-preparedness-how-far-have-we-come/story/

"NDCC Update: Final Report on Tropical Storm 'Ondoy' {Ketsana} (Glide No. TC-2009-000205-PHL) and Typhoon 'Pepeng' {Parma} (Glide No. TC2009-000214-PHL) (September 24-27 and September 30-October 10, 2009)" (2009). Glenn J. Rabonza. (releasing officer). Lungsod Quezon: National Disaster Coordinating Council. 17 pah.

"NDRRMC Update: Updates re the Effects of Typhoon 'Yolanda' (Haiyan)" (2014, Abril 17). Eduardo D. del Rosario (releasing officer). Lungsod Quezon: National Disaster Risk Reduction and Manangement Council.

"NDRRMC Update: SitRep No. 22 re Preparedness Measures and Effects of Typhoon 'Lando' (I.N. Koppu)" (2015, 29 Oktubre). Alexander P. Pama (releasing officer). Lungsod Quezon: National Disaster Risk Reduction and Manangement Council.

"Noynoying" (2012). *Urban Dicionary,* isinangguni 21 Enero 2018. https://www.urbandictionary.com/define.php?term=Noynoying

"'Noynoying' gets international attention" (2012, 21 Marso). *GMA News Online,* isinangguni 21 Enero 2018. http://www.gmanetwork.com/news/news/nation/252169/noynoying-gets-international-attention/story/

*News from Philippines* (2016 Enero-Marso). Makati: Japan International Cooperation Agency.

Orillos-Juan, M. F. (2017). *Kasaysayan at Vulnerabilidad: Ang Lipunang Pilipino sa Harap ng Pananalanta ng Pesteng Balang, 1569-1949*. Maynila: De la Salle University Press.

Papa, M. T. (may-akda) & Alvarez, F. (tagaguhit) (2014). *Can We Live without Trees?: A Book about Trees*. Lungsod Quezon: Adarna House, Inc.

*Patnubay sa Weder Forkasting* (2015). Lungsod Quezon at Maynila: Department of Science and Technology (DOST)- Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

"Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010" (2010, Mayo 27). Republic Act No. 10121. *NDRRMC,* isinangguni 21 Enero 2018. http://www.ndrrmc.gov.ph/attachments/article/45/Republic_Act_10121.pdf

Ramos, R. B. (2013, Disyembre 6). "Issues on 'Yolanda' rescue and relief operations." *The Manila Times,* isinangguni 21 Enero 2018. http://www.manilatimes.net/issues-on-yolanda-rescue-and-relief-operations/58534/

"Republic of the Philippines v. Estate of Alfonso Lim, Sr." (2009, Hulyo 22). G.R. No. 164800. Supreme Court, Third Division. *Supreme Court Judiciary,* isinangguni 21 Enero 2018. http://sc.judiciary.gov.ph/jurisprudence/2009/july2009/164800.htm

"Revised Forestry Code of the Philippines" (1975, Mayo 19). Presidential Decree No. 705, s. 1975. *Official Gazette,* isinangguni 21 Enero 2018. http://www.officialgazette.gov.ph/1975/05/19/presidential-decree-no-705-s-1975/

Reyes, S. S. (pat.) (1994). *Katha*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University.

Reyes, S. S. (2005). *A Dark Tinge to the World: Selected Essays (1987-2005).* Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.

Samar, K. P. O. (2016). *Case Formulation: Carl Fredricksen.* Papel para sa Psychology 150, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Hindi pa nailalathala.

Santos, R. Jr. (2014, Hulyo 14). "Looking Back: How Aquino fared in past surveys." *Rappler,* isinangguni 21 Enero 2018. https://www.rappler.com/newsbreak/iq/63285-aquino-past-survey-sws-pulse-asia

Santos-Gerodias, B. (may-akda) at Solina-Wolf, M. B. (2010). *A Dream and A Melody.* Lungsod Quezon: LG&M Corporation.

Torres-Tupas, T. (2013, Nobyembre 13). "CNN, BBC, int'l media slam Aquino for 'disorganized' Yolanda aid response." *Inquirer,* isinangguni 21 Enero 2018. http://newsinfo.inquirer.net/526693/cnn-bbc-intl-media-slam-aquino-for-disorganized-yolanda-aid-response

Villanueva, R. (may-akda) & Oñate, A. at Pollarco, W. (1980). *Si Emang Engkantada at ang Tatlong Haragan.* Lungsod Quezon: Adarna House, Inc.

Villanueva, R. at Garcellano, L. (may-akda) & Bunag, B. at Topacio, J. (tagaguhit) (1988). *Si Inggolok at ang Planetang Pakaskas.* Maynila: Cacho Publishing House, Inc.

*Y It Happened: Learning from Typhoon Yolanda* (2014). Lungsod Quezon: National Disaster Risk Reduction and Manangement Council.

Zamora-Martinez, K. (may-akda) & Doctor, Y. (tagaguhit) (2014). *Noah and the Great Flash Flood.* Lungsod Quezon: LG&M Corporation.